
(02) 8727-3198 | iohsadph@gmail.com | IOHSAD | https://iohsad.com

EDITORYAL 2




## Isang Araw, Isang Kamatayan

BALITA 7



## Kaligtasan ng mga Manggagawa, Tampok sa OSH Forum sa UPM

KULTURA 16



## Impyerno ng Tag-Init

ABRIL 2026 | SPECIAL ISSUE

# ASSERT

HEALTH AND SAFETY



LATHALAIN

## Bundok ng Kapabayaan

Basahin sa pahina 11 hanggang pahina 13.

# Isang Araw, Isang Kamatayan

Noong 2025, umabot sa 516 occupational safety and health incidents ang naitala ng Institute for Occupational Health and Safety Development na kumitil sa buhay ng 369 manggagawa. Habang hindi bababa sa 516 na manggagawa naman ang nasugatan. Malinaw ang ibig sabihin: araw-araw, may isang manggagawa ang namamatay dahil sa hindi ligtas na kondisyon sa paggawa. Mas nakakabahala dahil hindi pa kasama rito ang occupational diseases o mga sakit na unti-unting pumapatay sa katawan at isipan ng mga manggagawa. Kaya t'yak na mas malaki pa ang tunay na bilang.

May mga numerong hindi lang basta bilang. Paulit-ulit itong mga paalala sa ating tumindig at lumaban. Tandaan nating hindi ito mga aksidente lang o lalong dulot ng kamalasan. Ito ay isang sistemang paulit-ulit na pumapalya o mas masahol, pinipili nitong huwag protektahan ang manggagawa.

Sa gitna ng tumataas na presyo ng langis, lumalalang krisis sa transportasyon, at patuloy na welga ng iba't ibang sektor, lalong lumilinaw na hindi hiwa-hiwalay ang mga problemang ito. Iisa ang ugat: isang ekonomiyang naghihingalo't pilit na pinapasan ng mga manggagawa kahit hindi naman sila nito pinahahalagahan at pinoprotektahan.

Pinakamatingkad ito sa datos na nagsasabing road crashes ang isa sa pangunahing sanhi ng pagkamatay ng manggagawa, na may 211 kaso sa loob lamang ng isang taon. Ang kalsada, mula EDSA hanggang sa mga provincial highway ay naging isa sa pinakamapanganib na "workplace" sa bansa. Ang jeepney driver na napipilitang magmaneho nang lampas sa ligtas na oras dahil sa taas ng boundary at presyo ng krudo, ang delivery rider na nakikipagsapalaran sa ulan at trapik para lang maabot ang quota, at ang empleyadong pumapasok kahit may bagyo -- lahat sila ay bahagi ng isang sistemang hindi kinikilala ang transportasyon bilang isyu ng occupational safety. Sa ganitong kalagayan, ang aksidente ay hindi lang simpleng disgrasya, kundi bunga ng kapabayaan.

Hindi lang sa kalsada nagaganap ang panganib. Sa mga construction site, paulit-ulit ang pagbagsak ng istruktura, pagkakabaon sa lupa, at pagkahulog mula sa mataas na lugar pagawaan. Ito ang mga insidenteng malinaw na maiiwasan kung may sapat na risk assessment, training, at proteksyon. Sa electrical works, patuloy ang mga kaso ng electrocution dahil sa kakulangan sa safety protocols. Sa mga pabrika at warehouse, sunog at pagsabog ang kumikitil ng buhay. Sa mga kulong na espasyo tulad ng mga septic tank at pagawaan ng pintura, may mga manggagawang nalulunod sa toxic fumes.

Sa harap ng lumalalang krisis sa klima, nadagdagan pa ang panganib. May mga manggagawang tinatamaan ng kidlat, nakararanas ng sobrang init, o pinipilit pumasok kahit may bagyo. Ang mga ito ay hindi hiwa-hiwalay na trahedya. Ito ay iisang kwento ng sistematikong pagpapabaya sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

Sa lahat ng sektor, pinakamabigat ang pasanin ng mga informal worker -- mga vendor, tricycle driver, delivery rider —na bumubuo sa malaking bahagi ng lakas-paggawa ngunit nananatiling wala sa saklaw ng proteksyon ng batas. Wala silang kontrata, insurance at safety training. Kapag nasugatan, wala silang sahod. Kapag namatay, mabilis silang nagiging estadistika. Malinaw na hindi na lang kakulangan sa implementasyon ng batas ang problema kundi isang sistemang sadyang nang-iiwan sa maraming manggagawang walang proteksyon.

Dagdag pa rito ang lumalalang workplace violence -- mga security guard na binabaril, mga driver na sinasaksak, mga government worker na inaatake habang ginagampanan ang tungkulin. Ang karahasan ay panganib na nagiging normal na bahagi ng trabaho. Maging ang mga frontline workers ng estado tulad ng mga traffic enforcer, guro at health worker ay hindi na rin ligtas sa karahasan. Sa ganitong konteksto, dapat malinaw na ang occupational safety ay hindi lang teknikal na usapin kundi usapin ng karapatang pantao at pampublikong kalusugan.

Sa kabila ng pagkakaroon ng OSH Law, nananatiling mahina ang pagpapatupad nito. Kulang ang labor inspectors, mababa ang parusa, at walang criminal accountability para sa mga kumpanyang malala't paulit-ulit na lumalabag. Sa maraming kaso, mas mura pa ang multa kaysa sa pagtitiyak sa kaligtasan ng mga manggagawa.

Pansinin ninyo ang padron ng trahedya: may mamamatay, magkakaroon ng imbestigasyon, may ingay mula sa publiko at pagkatapos, babalik na ulit sa dati.

**Reporma pagkatapos ng trahedya ngunit walang tunay na pagbabago sa istruktura.**


Sa ganitong kalagayan, nagiging mahalagang anyo ng depensa ang kolektibong pagkilos ng mga manggagawa. Ang welga, na madalas binabansagang istorbo, ay sa katunayan isang paraan ng pagprotekta sa buhay, isang huling sandata laban sa sistemang ayaw makinig. Dahil hindi inihahain nang kusa ang karapatan, makatwiran ang igiit at ipaglaban ito.


Sa dulo, hindi komplikado ang paliwanag kung bakit nangyayari ito. Ang kaligtasan ay itinuturing na gastos, hindi karapatan. Ang pahinga ay itinuturing na hadlang sa produktibidad ng mga manggagawa. Walang pondo ang gobyerno para dagdagan ang bilang ng mga labor inspector pero bilyon-bilyon ang nawawaldas dahil sa korupsyon. Iniiwasan ang pananagutan para protektahan ang negosyo.

Kailangang baguhin ang sistemang inuuna ang kita kaysa buhay. Hangga't hindi ito binabago, patuloy na madagdagan ang bilang ng mga anggagawang namamatay sa trabaho — 369 ngayon, t'yak na mas marami pa bukas.

Hindi ito dapat maging normal. Hindi dapat ikamatay ang paghahanapbuhay. Hindi dapat sugal ang pagpasok sa trabaho. Hindi dapat pribilehiyo ang kaligtasan.

Hindi lang bilang ang 369 na manggagawang namatay. Sila ay may mga pangalan, pamilya, at kanya-kanyang mga kwento. Bawat isa sa kanila ay may iniwang tanong: Hanggang kailan? Kung walang magbabago, malinaw ang sagot: Bukas, may isa na naman. At sa susunod, baka hindi na lang siya numero. Baka kakilala mo na.





# ULAT OSH 2025: 516 insidente, 369 na pagkamatay,

## patunay sa lumalalang krisis sa kaligtasan ng manggagawang Pilipino

SHEKINAH BUIZA

Inilabas ng Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD) ang 2025 Annual Occupational Safety and Health (OSH) Incident Report upang ilahad ang patuloy na krisis sa kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawang Pilipino. Ipinapakita ng ulat ang malinaw na padron na ang pagkamatay at pinsala sa trabaho ay patuloy na nangyayari dahil sa sistematikong kahinaan sa pagpapatupad ng mga pamantayan sa kaligtasan sa paggawa.

### Taunang kabayaran ng kapabayaan sa OSH

Sa loob ng isang taon, naitala ang 516 OSH incidents na nagresulta sa 369 pagkamatay at hindi bababa sa 516 pinsala, katumbas ng hindi bababa sa isang manggagawang namamatay araw-araw dahil sa hindi ligtas na kondisyon sa paggawa. Kahit sa konserbatibong pagtataya, nangangahulugan ito na may hindi bababa sa isang manggagawang namamatay araw-araw dahil sa hindi ligtas na kondisyon sa paggawa.

Sa tala kada buwan, na-obserbahan ang pinakamataas na bilang ng mga insidente noong Hulyo, kung saan naitala ang 52 pagkamatay mula sa 64 insidente, at 62 pinsala ang naganap kaalinsabay ng iba pang trahedya sa loob ng isang taon. Kabilang na rito ang pagsisimula ng taon nang may 31 naiulat na pagkamatay at 53 naman noong Oktubre. Ang datos na ito ay hiwalay pa sa mga occupational diseases at work-related illnesses na nagpapahiwatig ng mas malalim na sugat na iniinda ng mga manggagawa.

### Road accidents at karahasan, nanguna sa mga insidente sa manggagawa

Batay sa datos, ang mga panganib sa paggawa ay hindi na lamang nagmumula sa loob ng mga pabrika, kundi lumalawak na rin sa mga kalsada bilang isa sa pangunahing pinagmumulan ng insidente sa mga manggagawa. Ang road traffic injuries ang nanguna sa listahan ng mga "aksidente" na may 211 kaso. Hindi rin maikakaila ang lumalalang kultura ng karahasan at harassment mula sa mga tao o hayop, na bumiktima sa 155 manggagawa.

Nanatili ring banta ang mga naging karaniwang panganib sa industriya ang electrocutions na pumatak ng 41 na manggagawa ang nakuryente, 32 insidente ng sunog at pagputok ng mga elektikal na kagamitan ang naganap, at 18 kaso ng pagguho ng mga estruktura. Maging sa mental na kalusugan ng mga manggagawa ay may naitalang 4 na kaso ng occupational stress at burnout.

Kung titingnan ang mapa ng mga industriya, ang sektor ng serbisyo ang tumanggap ng pinakamabigat na hambalos na may 397 kaso. Sa loob nito, ang mga nasa transportation and storage na may 238 kaso ang tila laging nasa bingit ng panganib sa bawat kilometrong kanilang tinatahak.

Hindi rin nakaligtas sa panganib ang construction na nakapagtala ng 57 kaso sa gitna ng mga itinatayong gusali, ang agriculture, forestry, at fishing na may 43 manggagawang nasaktan o nasawi, 29 na kaso mula sa administrative and support services, maging ang mga tagapag-alaga ng ating kalusugan at lipunan mula sa human health at social work ay dumanas ng 10 insidente ng pinsala.

### Panawagan sa sistematikong kabiguan

Binigyang-diin ng Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD) na nananatiling malaking hamon ang epektibong pagpapatupad ng Occupational Safety and Health (OSH) Law, pitong taon matapos itong lagdaan bilang batas.

Batay sa kanilang pagsusuri, hindi sapat ang pag-iral ng mga regulasyon dahil sa talamak na kakulangan sa enforcement at pananagutan sa mga aksidente sa trabaho, kung saan lumalabas sa datos na mas binibigyang-halaga ng kasalukuyang sistema ang tubo ng mga kumpanya kaysa sa seguridad ng mga manggagawa.

Dahil dito, iginiit ng ulat ang agarang pangangailangan para sa mas mahigpit na inspeksyon sa mga pagawaan, malinaw na mekanismo ng accountability para sa mga employer na lumalabag sa batas, at isang malawakang pagrebisa ng polisiya upang matiyak na buhay ng mga manggagawa ang pinoprotektahan sa halip na mga numero lamang.

Sa huli, nanindigan ang IOHSAD na ang tunay na sukatan ng isang progresibong ekonomiya ay ang kakayahan nitong garantiyahan ang kaligtasan ng mga taong nagpapatakbo nito araw-araw.

# Sektor ng paggawa at maralita sa Tondo,

## nagkaisa laban sa sistematikong korapsyon

SHEKINAH BUIZA

"Lahat ng sangkot, dapat managot!" Ito ang naging mariing sigaw ng mga manggagawa mula sa Pambato Cargo Forwarder Labor Union (PCFLU) at mga residente ng Parola, Tondo sa gitna ng inilunsad na forum laban sa korapsyon nitong Miyerkules, ika-11 ng Pebrero. Sa pakikipagtulungan ng mga progresibong organisasyon ng port workers, dinaluhan ang pagtitipon ng iba't ibang sektor, kabilang na ang Institute for Occupational Health and Safety (IOHSAD) at mga mag-aaral ng National Service Training Program (NSTP) mula sa UP Manila Political Science Program.

Hinubaran sa nasabing pagtitipon ang sistemikong ugat ng katiwalian na patuloy na nagpapahirap sa sektor ng paggawa.

### Higit sa moralidad: ang korapsyon bilang sistema

Binigyang-diin sa forum na ang korapsyon sa bansa ay hindi lamang usapin ng indibidwal na pagkakamali kundi isang sistematikong kanser. Ayon kay Anna Patricia Santos ng Crispin B. Beltran Resource Center (CBBRC), ang katiwalian ay may malalim na historikal na pinagmulan na nananatili sa iba't ibang antas ng burukrasya. "Hindi sapat ang simpleng pagpapalit ng mga opisyal upang masolusyunan ang problema," ani ni Santos. "Sa pamamagitan lamang ng sama-samang pagkilos ng sambayanan tunay na mawawakasan ang korapsyon," dagdag nito.

### Burukrata-Kapitalismo at Political Dynasties

Nagbigay naman ng masinsinang pagsusuri si dating Gabriela Women's Party Representative Arlene Brosas. Ayon kay Brosas, ang korapsyon ay nakaugat sa burukrata-kapitalismo kung saan ang gobyerno ay pinatatakbo na parang negosyo para sa interes ng iilan.

Iginiit niya na ang dominasyon ng mga political dynasty ang nagpapanatili sa mga patakarang pabor sa mga elite habang isinasantabi ang karapatan ng mga manggagawa. Binigyang-diin ni Brosas na hangga't walang tunay na pananagutan at pananatilihin ang sistemang mapagsamantala, lalong lulubog sa hirap ang sambayanang Pilipino.

### Direktang Dagok sa Maralita

Sa ginanap na open forum, naging sentro ng usapin ang aktuwal na karanasan ng mga residente at manggagawa sa Tondo. Inilahad nila na ang bilyon-bilyong nawawala sa kaban ng bayan dahil sa korapsyon ay nagreresulta sa kakulangan ng serbisyong panlipunan gaya ng sapat na klinika at maayos na pabahay, kawalan ng seguridad sa trabaho at mababang pasahod sa mga pantalan, at kakulangan sa proteksyon at kaligtasan ng mga manggagawa sa loob ng kanilang mga workplace.

### Makiisa sa Unyon: Sandata Laban sa Pang-aabuso

Bilang bahagi ng panawagan paa sa konkretong aksyon, binigyang-diin ni Roque Isidoro, Pangulo ng PCFLU, na ang organisadong lakas ng mga manggagawa ang tanging paraan upang labanan ang mga anomalya sa loob ng mga kumpanya at sa gobyerno.

Sa kanyang panayam, hinimok niya ang kaniyang mga kasamahan na huwag matakot mag-organisa. "Makiisa sa mga unyon," aniya.

Ayon kay Isidoro, ang unyon ay hindi lamang samahan, kundi isang paaralan kung saan nagiging maalam ang mga manggagawa sa kanilang mga batayang karapatan.

"Nanawagan tayo sa lahat ng mga manggagawa: sumali kayo sa unyon. Ito ang ating proteksyon para hindi tayo basta-basta maabuso ng mga malalaking kumpanya," pahayag niya pa.

> **"Makapangyarihan ang may alam. Kapag alam natin ang ating karapatan, mas may lakas tayong manindigan para sa sapat na sahod, seguridad sa trabaho, at makatarungang oras ng paggawa."**

**Panawagan para sa Pananagutan**

Nagtapos ang forum sa isang nagkakaisang paninindigan: ang laban kontra korapsyon ay isang pampulitikang laban na nangangailangan ng organisadong pagkilos. Ang pakikibahagi ng mga estudyante mula sa UP Manila ay nagsilbing pagkakataon upang pag-ugnayin ang mga teoryang pampulitika at ang realidad ng pakikibaka ng mga sektor sa paggawa.

Sa harap ng lumalang krisis pang-ekonomiya, pinagtibay ng mga kalahok ang kanilang pangako na mananatiling mapagmatyag at aktibong makikilahok upang igiit ang isang makatarungang pamamahala.

## Iba't ibang grupo ng manggagawa, nanindigan sa ika-40 anibersaryo ng EDSA

CATHERYN BALAGTAS

Nagmartsa ang iba't ibang progresibong grupo ng manggagawa at kabataan noong Marso 25 bilang bahagi ng paggunita sa ika-40 anibersaryo ng People Power Revolution, kung saan nagtipon sila sa Epifanio de los Santos Avenue (EDSA) Shrine upang igiit ang kanilang mga panawagan.

Bitbit nila ang kanilang iba't ibang hinaing, kabilang ang panawagan laban sa umano'y korapsyon sa pamahalaan at ang pagpapatalsik kina Pangulong Ferdinand Marcos Jr. at Bise Presidente Sara Duterte. Isinusulong din ng ilang grupo ang pagtatatag ng isang "national transition council" bilang pansamantalang pamalit sa kasalukuyang administrasyon. Ito ay hindi kabilang sa hiwalay na pagkilos ng Trillion Peso March Movement sa EDSA Monument.

Sa kabuuan ng martsa, umalingawngaw ang mga panawagan para sa makatarungang sahod, disenteng trabaho, at mas inklusibong kinabukasan para sa mga manggagawa at kabataan.

Ayon kay Jerome Adonis, chairperson ng Kilusang Mayo Uno, layunin ng kanilang hanay na maitaguyod ang karapatan ng mga manggagawa sa iba't ibang sektor. Kabilang sa kanilang mga isinusulong ang pagtaas ng sahod, pag-regular sa lahat ng mga empleyado, at mas matibay na proteksyon sa karapatan ng mga unyon sa ilalim ng batas.

Dagdag pa ni Adonis, mahalaga ang aktibong pakikilahok ng mamamayan sa mga organisasyon upang mapanagot ang pamahalaan. "Walang kinabukasan ang mga kabataan dito sa ating klase ng lipunan kaya, the more na dapat aggressive at determined na lumaban ang mga kabataan sa isang organisadong porma dahil hindi puwede ang paisa-isa," aniya.

Samantala, ibinahagi rin ni Alfredo Laraño Jr., isang ice cream vendor mula sa UP Diliman, ang kaniyang dahilan sa pakikilahok sa kilos-protesta. Para sa kaniya, mahalagang isaalang-alang hindi lamang ang kasalukuyan kundi pati ang kinabukasan ng susunod na henerasyon.

"Sana hindi na mas lalong lumala pa 'yung kahirapan sa bansa natin. Siguro [dapat] hindi rin natin tigilan. Kagaya sa akin, magsi-sixty na ako pero lumalaban pa rin," aniya.



LITRATO MULA SA THE MANILA COLLEGIAN

# Kaligtasan ng mga Manggagawa,

## Tampok sa Occupational Safety and Health Forum sa UP Manila

KIRSTEN LOYOLA

Upang talakayin ang kalagayan ng Occupational Safety and Health (OSH) sa Pilipinas, inorganisa ng Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD), katuwang ang mga mag-aaral ng National Service Training Program 2 mula sa University of the Philippines-Manila Political Science Program, ang "People United for Safety and Health, Push the OSH Agenda: Criminalize OSH Standards Violations" forum sa UPM Little Theater noong ika-25 ng Marso 2026.

Naging sentro ng pormal na talakayan ang naiulat na 369 na manggagawang nasawi at hindi bababa sa 516 na nagtamo ng pinsala sa lugar ng paggawa noong taong 2025.

Sa pangunguna nina Nadia de Leon, kinatawan ng IOHSAD, at Gabriela Women's Party Rep. Sarah Elago ang presentasyon ng mga datos, ipinakita sa talakayan ang 2025 OSH Incident Report na naglalaman ng kabuuang 506 na insidente, at iba pang insidente ng karahasan sa mga manggagawa at kababaihan. Ayon sa mga tagapagsalita, ang mga datos sa kabuuang presentasyon ay nakalap mula sa mga ulat ng midya, mga sanggunian sa internet, at direktang dokumentasyon ng mga manggagawa.

### Sektor ng Paggawa at Impormal na Manggagawa

Batay sa inilatag na ulat, mula sa tinatayang 1.8 milyong manggagawang kasama sa pagsusuri, 63 porsiyento ang nasa impormal na sektor at may limitadong proteksyon at benepisyo sa ilalim ng batas. Naitala ang pinakamataas na bilang ng mga insidente sa sektor ng transportasyon, na sinundan ng konstruksiyon, agrikultura, at iba pang serbisyo. Bukod sa mga aksidente, tinukoy din sa ulat ang mga karamdamang dulot ng trabaho tulad ng mga sakit sa baga, mental stress, at burnout, na kalimitang hindi naisasama sa mga opisyal na talaan ng pamahalaan.

### Kakulangan sa Inspeksiyon at Pananagutan

Tinalakay rin sa talakayan ang mga umiiral na limitasyon sa implementasyon ng mga pamantayan sa kaligtasan. Lumabas na mas mababa sa 10 porsiyento ng mga establisimyento sa bansa ang sumasailalim sa inspeksiyon taun-taon dahil sa kakulangan ng mga labor inspector. Sa kasalukuyang sistema, umaasa ang pamahalaan sa boluntaryong pagsunod ng mga kumpanya sa mga pamantayan ng OSH, kung saan ang pinakamataas na multa sa mga establisimyento na lumalabag ay nasa ₱100,000 lamang.

Bilang tugon, iprinisinta ang panukalang House Bill No. 5221 na naglalayong magpataw ng mas mabigat na parusa, kabilang ang mas mataas na multa at pagkakakulong, sa mga paglabag sa OSH na magdudulot ng pinsala o pagkamatay.

Sa pagtatapos ng programa, inilatag ng mga tagapagsalita ang pangangailangan para sa maagap na pagpapatupad ng mga hakbang sa kaligtasan, paglalaan ng sapat na pondo para sa inspeksiyon, at mas malinaw na mekanismo ng pananagutan. Binigyang-diin din ang pagpapalakas sa papel ng mga organisasyon at unyon ng manggagawa upang matiyak ang kaligtasan sa paggawa.



# Ang Bulok na Mansanas sa Pilipinas

ni Marian Matandag




*Dibuho ni Catheryn Balagtas*

"An apple a day keeps the doctor away." Ito ang isa sa mga sikat na katagang ipinapayo sa mga taong hindi mahilig kumain ng mga prutas at gulay. Totoo man ito o hindi, sa Pilipinas, tiyak na may mas hihigit pa sa pagpapalaho ng mga doktor sa mga Pilipino.

Ano nga ba ang kapangyarihang taglay ng isang mansanas na kaya nitong ilayo ang manggagamot? Paano ito hinahamon sa reyalidad kung saan ang sistema ng pangkalusugan ng Pilipinas mismo ang kumikitil sa ambisyon ng mga nangangarap maging doktor?

Sa halos dalawang dekadang pagsubsob sa mga libro at pagsusunog ng kilay upang mapag-aralan ang iba't ibang paraan ng pagbibigay-lunas, maraming mag-aaral sa medisina ang tumatamlay sa sistemang lumilimot sa kanilang kaligtasan. Hindi kahinaan ng loob ang pumupurol sa determinasyon ng mga aprendis, kundi ang kakulangan ng panlabas na suporta na dapat ay nagmula sa gobyernong mismong nangangailangan ng kanilang serbisyo.

Ito ay nakatanim sa kawalan ng pondo, kagamitan, at kakulangan sa pagsasanay, na tila ay sinasadyang ikulong sa isang sulok upang mag-isang pasanin ng mga nagsasanay ang bigat ng sistema, sa halip na tulungan sa paglago. Ito ay makikita batay sa numero, mula sa 59,000 na estudyanteng sumubok makipagsapalaran para makakuha ng diploma sa mga programang pangkalusugan, 15,000 dito ay umatras bago ang gradwasyon at 11,000 ang nabibigo sa pagkuha ng lisensiya.

Noong 2019, nangilabot ang buong mundo sa biglaang pagsulpot ng isang hindi naaaninag na kalaban—ang Coronavirus disease 2019 o COVID-19, isang delubyo na nagpabago sa ikot ng buhay ng marami. Matatagpuan sa unang hanay ng laban ang mga manggagawa ng kalusugan. Mula sa labanang ito, naitala ng Department of Health (DOH) ang 104 manggagawang pangkalusugan ang pumanaw noong 2021.

Taong 2020, binigyang-atensyon ng pamahalaan at ng Department of Budget and Management (DBM) ang sektor ng kalusugan sa pagpaplano at paglulunsad ng Universal Health Care Act (UHCA), na naglalayong palawakin ang pagkakaroon ng mga Pilipino sa de-kalidad na serbisyong pangkalusugan.

Gayunpaman, sa 2020 National Budget na pinagkasunduan, inilaan ang 5% budget cut o Php 160.15 bilyon para sa sektor ng kalusugan, mula sa Php 169.45 bilyon noong 2019.

Dulot ng nasabing kabawaaan sa budyet, naging hilaw ang paghahanda ng mga manggagawa sa sektor ng kalusugan at napilitang humarap ang mga ito sa laban ng kapos sa mga kasangkapan at Personal Protective Equipment (PPE).

Higit sa 100 intern ng Philippine General Hospital ang kusang-loob na bumalik sa serbisyo at humarap sa unos ng pandemya noong 2020, ayon sa Unibersidad ng Pilipinas. Ito ay palatandaan ng pagkakawanggawa, sapagkat walang sahod ang karaniwang sitwasyon para sa mga medikal interns o *free labor*, at ang iba ay nagtatrabaho sa kakarampot na allowance. Parehong sakripisyo ang makikita sa kasalukuyan, ngunit ang mga gawaing ito ay hindi nararapat na pasalamatan ng isang papuri lamang, kundi panawagan na itama ang mga kondisyong nagpapahirap sa kanilang serbisyo.

Ayon sa pag-aaral nila Capinpuyan at Miguel (2019), kadalasang galing sa bulsa mismo ng mga medikal intern ang pinagbabayad sa pang-araw-araw na gastusin sa transportasyon, kagamitang medikal, at mga gamot na kailangan sa mga health center na pinagtatrabahuhan nila upang ipatupad ang mga nais nilang programa.

Ang 12 hanggang 36 oras na shifts o trabaho ay normal na para sa mga intern na nagiging doble pa ang hirap nang dahil sa kakulangan ng staff at umaapaw na mga pasyente. Nagdudulot ito ng maraming problema, tulad ng pisikal at mental na *burnout*, mababang kalidad ng *patient care*, at mataas na banta ng *work and safety hazards*. Sa katunayan, ayon sa pagsusuri ng datos galing sa 2015 hanggang 2019 na ulat ng

Occupational Safety and Health (OSH) Philippines mula sa A Recent Situational Analysis of the Occupational Safety and Health Landscape in the Philippines 2025, nagtamo ang Human Health and Social Work activities ng 1.91% o 2634 na kaso ng *work-related injuries.*

Bukod pa rito, dulot ng kakulangan ng resources at staff shortages, nahaharap din ang mga medikal interns sa malaking learning gap na nakakaapekto sa kanilang paglago bilang isang epektibong doktor sa hinaharap. Ayon sa pag-aaral ng Ethical Challenges in Medical Community Internships 2019, ang limited supervision at inadequate facilities ay nagiging hadlang sa kanilang hands-on training, na nagdudulot ng hindi pantay na karanasan.

Hinirang man silang mga dakila, at tila mga superhuman, isa-isa silang humihimlay sa harap ng kilabot ng katotohanan. Ayon sa EDCOM 2 Workforce Development Plan, ang 290,000 na healthcare worker shortage ay nagmumula sa "leaky pipeline", kung saan 56% ng healthcare students (kabilang ang mga interns) ay nawawalan ng gana na magtrabaho sa Pilipinas dahil sa mababang sahod, brain drain (27,000 ang umalis kada taon), at hindi sapat na suporta na nagiging sanhi ng chronic understaffing sa public hospitals.

Ito ay patunay na kinakailangan nang dagdagan ng gobyerno ang DOH national budget para sa simulation laboratories, mandatory supervision, at P10,000 stipend na nasa ilalim ng House Bill No. 2278 o Student Internship Allowance Act. Tawag din ito para iulong ang pagpapatayo ng mga public medical schools sa mga probinsiya upang mapunan ang healthcare worker shortage.

Sa Pilipinas, hindi lamang isang mansanas ang kalaban ng mga doktor at naghahangad maging isang doktor. Bagkus, sila ay lumalaban sa isang sistemang walang malasakit—isang sistemang nagpapalanta sa kakayahan ng mga dapat sana ay nakapagbibigay ng lunas. Hindi ninanais ng bayan ang kanilang paglisan subalit hindi rin sila masisisi kung sila ay lalayo sa nabubulok na sistemang pinababayaan. Isa lamang ang makapagsasalba rito—ang pagbubunot sa mga ugat ng korapsyon, at pagpapataba sa pundasyon nitong kinatatayuan.

# Nakalalapnos na Sistema:
## Ang Nasisiklabang Kababaihang Manggagawa

JAMAICA CRUZ

Sa loob ng nakapapasong sistema kung saan dumadanak ang walang katapusang pawis at dugo, patuloy sa pagkayod ang mga karaniwang manggagawang walang ibang matakbuhan. Sa labas, nagbabanta ang nakamamatay na sinag ng araw habang nanatiling nakapiring ang mga nasa rurok ng tatsulok.

Para sa mga kumpanya, ang patuloy na pagtaas ng temperatura ay simpleng usapin lamang sa kanilang gastos at responsibilidad. Gayunpaman, para sa mga manggagawang inaalila ng kontrata, buhay at kinabukasan ang dito ay naitataya.

Sa kabila ng mga umiiral na batas para sa mga manggagawa, araw-araw na pagkasunog ang naidudulot ng mga mala-impyernong hanapbuhay, lalo na para sa mga kababaihang pinagkakaitan ng patas na trato at respeto.

### Nasa Loob ang Kulo

Sa unang tingin, tila walang kakaiba sa daang tinatahak ng mga kababaihan sa kanilang trabaho, sa ilalim nito ay isang mundong mapang-api sa mga kababaihan gamit ang diskriminasyon at power tripping.

Ayon sa Institute for Occupational Safety and Health Development (IOHSAD), 46% ng kababaihang manggagawa sa Pilipinas ay matatagpuan sa business process outsourcing (BPO), retail, o 'di kaya'y sa gawaing pangangalaga kung saan nanganganib ang kanilang mental at pisikal na kalusugan dulot ng kondisyon sa trabaho. Ang sektor na ito ay matiyagang itinataguyod ng kababaihan sa kabila ng ano mang sumpong ng panahon —tumirik man ang araw o bumaha sa kalsada. Sa ilalim ng ganitong kalagayan, patuloy ang paglawak ng gender pay gap sa pagitan ng mga babae at lalaki, maging ang paglaganap ng underemployment dala ng diskriminasyon.

Kumpara sa kalalakihan, ang mga karaniwang matataas na tungkulin sa trabaho katulad ng manager at ibang gawaing pang-propesyonal ay madalang ibigay sa mga babae. Dahil sa masugid na sistemang ito ay lagpas 20 milyong kababaihan ang matatawag na "economically insecure" o salat sa pera at kasiguraduhan para sa kinabukasan. Hindi na bago ang ganitong kultura sa bansa ngunit kasabay ng pagtaas ng heat index ay ang pagbawas ng pahinga para sa mga kababaihang manggagawang nagnanais lamang na malagpasan ang hamon ng araw.

### Nagsisiklabang Langit at Kumpanya

Sa loob ng mga nagdaang buwan ay mas tumaimtim ang bangis ng climate change kung kaya't labag sa loob na nalalantad sa iba't-ibang sakuna ang mga manggagawa—lalo na ang mga kababaihan. Nito lamang Marso ay umabot sa katakot-takot na 41°C ang temperatura sa ilang bahagi ng Pilipinas na siyang nag-udyok sa mga unyon ng manggagawa na mag-alsa.

Bagaman iginiit ng Trade Union Congress of the Philippines noong nakaraang taon ang pagkakaroon ng heat breaks o karampatang pahinga

para sa mga trabahador upang makaiwas sa heat stroke at iba pang sakit, nananatili silang bilad sa araw, kadalasang kapos sa proteksyon mula sa kanilang kumpanya.

Habang ang mga empleyado ay kumakayod mula umaga hanggang gabi sa initan, silang may ari ng mga kumpanya ay nananatiling tahimik at walang gawa sa ngalan ng pagtitipid ng gastos at pagpupunyagi. Sa kabila ng Labor Advisory No. 08, Series of 2023, ng Department of Labor and Employment na nag-uutos sa mga kumpanya na alagaan ang kanilang mga empleyado, patuloy pa rin ang kawalan ng hustisya at patakaran sa trabaho na aangkop sa Occupational Safety and Health (OSH) standards.

### Siyang Nagpapanginas ng Alab

Hindi maitatanggi na sa Pilipinas, ang kapakanan ng mga manggagawa ay pangalawa lamang sa kita at resulta. Ang kultura ng sukdulang productivity sa trabaho ang siyang nagpapaandar sa sistemang nakalalason para sa mga ordinaryong manggagawa.

Dahil sa ganitong pag-iisip, mayroong mga bahagi ng bansa kung saan may ilang kababaihang napipilitang pumasok kahit na sila'y nagdadalang tao sa takot na hindi pasahurin. May ilan pa na napupwersang lumisan mismo sa trabaho dahil sa kakulangan ng pagsasaalang-alang sa kanilang kondisyon. Sa halip na magpahinga dahil sa bagsik ng init, maraming kababaihan sa retail at BPO ang nagpapakatatag sa trabaho para may makamtang sahod.

Higit-higit sa nararapat pa ang dinadanas ng mga kababaihan na presyon dahil, maliban sa tungkulin sa trabaho, ay pasan-pasan din nila ang inaasahang papel sa tahanan at lipunan. Kahit anong pagpupursigi ang kanilang gawin, patuloy silang kinikilala bilang pangalawang kumikita lamang sa kani-kanilang pamilya.

Sa halip na makisabay sa ugong ng panahon, tila nagpa-iwan sa nakaraan ang 83% ng mga Pilipino na naniniwalang hindi nararapat magtrabaho ang mga babae. Sa kanilang lohika, parehong katuparan at saya lang din naman ang dulot ng pagiging maybahay at pagtatrabaho. 50% naman sa kanila ang nagsasabing sagabal lang sa buhay pamilya ang trabaho kung kaya't ito'y itinataboy nila.

Hindi lamang ito simpleng datos kundi repleksyon ng naghaharing prinsipyo sa lipunan, dahilan upang normalisahin ang sistemang mapang-labag sa OSH standards, lalo na sa mga kababaihan.

### Pananagutan sa Gitna ng Apoy

Sa pananaw ng Gabriela Women's Party, ayon sa kinatawan nito na si Hon. Sarah Elago, "'Yung mga ganoong karanasan, 'pinapakita lang sa atin kung gaano kalaki pa 'yung hamon — babasagin natin 'yung katahimikan." Para sa grupo, ang walang puknat na hamong ito ay hindi lamang usapin ng kapabayaan kundi patunay rin sa kawalan ng aksyon ng pamahalaan at kakulangan ng pananagutan ng mga kumpanya at institusyon.

Sa harap ng matinding laban na ito ay ang IOHSAD at ang kanilang isinusulong na panukalang-batas sa kongreso, House Bill 5221, na naglalayong i-criminalize ang anumang pagsuway sa umiiral na OSH Law, Republic Act No. 11058. Ang inaasam na paghihigpit na ito ay inaasahang guguhit muli ng pag-asa sa kalooban ng mga manggagawa; kinikilala nito na hindi dapat isinasakripisyo ang kanilang kaligtasan at karapatan para sa kita.

Sa kasalukuyan, patuloy na ipinaglalaban ng IOHSAD at Gabriela ang hanapbuhay na hindi nakamamatay sa senado, kaakibat ang iba't-ibang kampanya upang ipakalat ang kanilang adbokasiya. Maliban dito, nagsasaad din ang IOHSAD ng pananaliksik sa kalagayan ng mga manggagawa sa ilalim ng lumalalang climate change sa pag-aasam na makahanap ng solusyon sa nakakamatay na isyung ito.

Gayunpaman, nananatiling babad sa kapahamakan ang libo-libong manggagawa sa bansa habang iginagapang sa kongreso ang panukalang-batas. Sa huli, nananaig ang panawagan: huwag iwan ang mga manggagawa sa kanilang banggaan laban sa mga nasa tuktok; panagutin ang mga maysala.



# Bundok ng Kapabayaan

Sa Pilipinas, marami kang matatanaw na anyong lupa. Karamihan sa mga probinsyang mapupuntahan mo sa malawak nitong arkipelago ay may kani-kaniyang ipinagmamalaking sariling bundok. May mga bundok dito na nagsisilbing pasyalan ng mga umaakyat, at may mga bundok din naman na pinagkukuhanan ng mga hilaw na materyales.

Gayunpaman, sa ilang sulok ng bansa, may mga bundok na hindi kaaya-aya. Hindi sila inaakyat para sa angking nitong kagandahan na nakapagpapagaan ng kalooban, bagkus sila ay inaakyat lamang nang pilit at may takot na nararamdaman.

CATHERYN BALAGTAS

## Trenta y Sais: Ang Pagkalunod sa Kabaliwan ng mga Sakim

Sikawalong araw ng 2026, isang malungkot na balita ang dumagundong sa Barangay Binaliw ng Cebu. Ang dagundong na ito ay nagmula sa mabilisang pagguho ng malakihang tambakan ng basura o landfill sa Binaliw na kalaunan ay kumitil sa buhay ng 36 na tao.

Hindi alingasaw ng basura ang unang pumawi sa hininga ng mga manggagawang iyon, kundi ang bigat ng kapabayaang itinabon sa kanila ng Prime Integrated Waste Solutions Inc. (PIWSI), Department of Natural Resources and Environment (DENR), at pamahalaan ng Cebu City.

Marami mang naging banta sa kalusugan ng mga mamamayan at kalagayan ng kalikasan ang landfill, ang operasyon rito ay patuloy na inaprubahan. Noong ika-3 ng Nobyembre 2017, nag-abot ang DENR ng Environmental Compliance Certificate (ECC) sa ARN Central Waste Management, Inc. (ACI) na unang tagapagpatakbo ng naturang landfill. Mula roon, inaprubahan ng Cebu City Zoning Board ang paggamit ng ARN Builders sa 10 hektarya ng Binaliw. Ito ang nagbigay ng daan upang mapirmahan ng pamahalaan sa lungsod ang P65 milyong kontrata sa ACI sa kabila ng mga kritikal na puna ng mga residente, iilang konsehal, at Environmental Management Bureau 7.

Sinimulan ang pag-iimbak ng basura sa Binaliw noong Hulyo 2019. Para matugunan ang mga hinaing sa dulot nitong amoy at banta sa kalusugan ng mga tao, nagdagdag ang DENR ng mga bagong kondisyon sa ECC sa kalagitnaan ng 2020.

Nalipat sa kamay ng PIWSI noong Hunyo 2023 ang kapangyarihan sa pagpapatakbo ng landfill. Bagamat nabawasan ng PIWSI ang 20 porsyento ng basura gamit ang inilunsad nitong Automated Materials Recovery Facility, hindi nakalampas sa Cebu City Solid Waste Management Board ang pagsuway nito sa Ecological Solid Waste Management Act noong 2024. Gayunpaman, ang pagkakahuli rito ay mas nagpaigting lamang ng inspeksyon, at hindi naging daan upang itigil ang operasyon.

Hindi pinakinggan ang petisyon ng mga residente ukol sa panganib nitong dulot sa kanilang kalusugan. Nagsiwalat man ng Closure Warning ang bagong alkalde na si Nestor Archival noong ika-7 ng Hunyo 2025, hindi ito naging sapat upang mapigilan ang paghantong ng landfill sa panganib.

Ika-4 ng hapon noong Enero 8 naganap ang pagbagsak ng mga basura na tumabon sa kabuuang operasyon. Upang ma_ ang trahedyang ito, agarang naglunsad ang DENR ng Cease-and-Desist Order na nagpapahinto sa anumang operasyon sa Binaliw.

Magmula noon, hindi pa rin tapos ang pagdurusa ng mga naninirahan sa Binaliw. Amoy na amoy pa rin ang basurang hinahayaang langawin ng pagsasawalang-bahala, at rinig na rinig pa rin ng mga nakatunghay ang sigaw ng mga nanghihingi ng saklolo noong araw ng sakuna.

Sa pinsalang iyon, hindi lamang trenta y sais ang pilit nilang ibinaon at pinatay sa kanilang kapabayaan, bagkus pati na rin ang katotohanang nagkukulang sila sa pagpapaibabaw ng karapatang manggagawa sa mga pabayang hepe at negosyo.

## Tinatabunang Sakuna: Ang Pagtalikod ng Halimaw sa Kanilang Bangungot

MARIAN MATANDAG

Ang pagpatak ng bawat pawis ang sumisimbolo sa isang marangal na trabaho. Hindi man kumakampi ang amoy ng mga mangangalakal ng basura sa kanilang kasalukuyang kasipagan, ang P600 na kanilang iniuuwi ang kumakatawan sa kanilang pangarap para sa pagbabago ng bukas. Gayunpaman, paano kung humantong sa huling hininga ang kanilang paglulubog ng pagod na katawan sa dambuhalang alon ng basura nang dahil lamang sa kapabayaan ng kanilang mga pinagkakatiwalaan sa kataasan? Paano na lamang nila masisilayan ang buhay na kanilang inaasam?

Ganoon na lamang ang pagtataksil na nagpawindang sa mga residente ng Sitio 1B, Rodriguez, Rizal

# Bundok ng Kapabayaan

noong Pebrero 20, 2026 nang gumuho ang Rizal Provincial Sanitary Landfill (RPSL). Ayon sa punong kalihim ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY) na si Mimi Domingo, nasa 50 tao ang natabunan ng bundok ng basura sa nasabing trahedya.

Binaon din ang damdamin ng mga biktima sa lumo nang manatili ang kakulangan ng lokal na pamahalaan sa legal na aksiyon. Bagamat sinabi ni Nini Ynarnes, punong lalawigan ng Rizal, na ang insidente ay labas sa kanilang saklaw, ito ay agarang kinontra ng KADAMAY sa paniniwalang hindi ito sapat upang talikuran ang gampanin sa hinaing ng mga napinsala. Hinihingi ng KADAMAY at ng mga naiwanang biktima at pamilya ang pananagutan ng mga sangkot sa pagbabaon ng mga manggagawa sa basura at limot, lalo na ng pribadong kompanya at ng lokal na pamahalaan.

Matapos ang isang buwan ng nakakalumong pangyayari, tanging ang pagsasara lang ng operasyon sa RPSL lamang ang ipinataw ng Department of Environment and National Resources (DENR).

Hanggang ngayon, wala pa ring nananagot sa trahedyang gumimbal sa buhay ng mga residente at manggagawa. Nakalusot man sa taning ng kamatayan ang iba, patuloy pa rin ang pagiging bangungot ng reyalidad na kanilang kinakaharap. Sa ngayon, hindi na mga nabubulok at mababahong basura ang kanilang kalaban sa pag-ahon; sila na ay pilit na umaahon sa pagtatabon ng mga umaalingasaw na sakim sa kapangyarihan.

## Totoong Sira: Ang Pagguhong Patuloy na Iniiinda

JAMAICA CRUZ

Matapos ang trahedyang nagpahinlakbot sa Binaliw, Cebu, mabilis na nag-alsa ang iba't-ibang alyansa para sa mga manggagawa upang magsilbing boses ng 36 na pumanaw.

Isa ang Institute for Occupational Safety and Health Development sa mga nanguna sa pagpuna sa PIWSI na siyang namumuno sa proyekto. Ayon sa grupo, ang ginawang pagpikit sa mga ini-ulat na mga panganib sa trabaho ay matinding paglabag sa sandigang-batas, Republic Act No. 11058, at patuloy na naghihimok para sa pananagutan nito. Para sa kanila, ito ay resulta ng tahasang pagpapabaya sa mga empleyado at pagsasawalang-bahala sa kanilang karapatan.

Hindi maituturing na isang aksidente lamang ang kalunusang naganap sapagkat ito ay bunga ng paulit-ulit na pagkukulang at maling desisyon mula sa mga institusyong kasangkot. Kahit na nagbitaw ng Closure Warning ang alkalde doon, hindi ito naging sapat upang mapigilan ang pinsalang dumanak sa lugar. Sabi pa ng mayora ng Consolacion na si Teresa “Nene” Alegado, mayroon nang nakaambang panganib magmula nang magreklamo ang lokal na pamahalaan sa DENR at tuluyang nangyari ang hindi dapat.

Mula sa pag-aapruba ng ECC sa kabila ng mga oposisyon, hanggang sa patuloy na operasyon kahit na may mariing pag-petisyon dahil sa mga naitalang paglabag—lahat ito ay nagpapa-ugong sa isang mapanirang padron. Isang padron na kumikitil sa buhay ng libo-libong manggagawa dahil lamang hindi magawang putulin ang sistemang inuuna ang kita at operasyon kaysa kinabukasan ng mga naghahanapbuhay.

Sa halip na magplano nang maigi upang maiwasan ang ganitong klase ng insidente, nananatiling reaktibo ang mga ahensya ng pamahalaan at kumikilos lamang kapag may buhay nang napawi. Isa sa iginigiit ng mga grupong pangkarapatan ay ang pagkakaroon ng hanapbuhay na hindi nakamamatay. Sa ilalim ng mapusok na padron, patuloy na nagiging sugal ang sariling kaligtasan kapalit ng mababang sahod na hindi pa abot sa sikmura.

Sa kabila ng mga inanunsyong imbestigasyon ng DENR at lokal na pamahalaan, hanggang ngayon ay wala pa ring nananagutan para sa mga naapektuhan. Maaalalang nagbigay ng paunang ayuda at pinansyal na tulong ang lokal na pamahalaan sa pamilya ng mga biktima ngunit nagsisilbi itong panandaliang pampalubag-loob lamang, lalo na kung mananatiling tahimik ang hustisya. Sa trahedyang ito, hindi lamang lupa ang gumuho kundi maging ang tiwala at pag-asa ng mga tao sa gobyerno.


Inanyayahan din ang PIWSI na dumalo sa isang technical conference upang ilatag ang detalye ng mga nangyari subalit patuloy na ipinagkakait sa publiko ang naging daloy ng pagpupulong na ito. Lumilipas ang panahon ngunit nananatiling lugmok sa lupa ang katotohanan at pananagutang nararapat lamang na dalhin sa hukuman.

Hindi nagtatapos sa insidente ng Binaliw ang isyung ito. Ang problemang ito ay nananalaytay sa bawat kalye at bawat proyekto na magagawa lamang talunin kung magsasama-sama ang mamamayan na kalampagin ang gobyerno at

itulak sa Kongreso ang kriminalisasyon ng mga paglabag sa OSH standards.

Sa pag-agos ng panahon, hindi maaaring sumama sa nabaong buhay ang atensyon ng publiko ukol sa insidenteng ito. Sa harap ng isang siklo na tila hindi uupos, tungkulin ng mamamayan na alalahanin silang mga sumalangit at panagutin ang mga pabayang nananatiling buhay rito sa mundong ibabaw.

Gayunpaman, hindi dapat manatili na lamang ang tao sa kinatatayuan at tanggapin na lamang ang kasalukuyang kapalaran. Higit sa lahat, kung masyadong makapangyarihan ang tao upang makalikha ng isang higanteng bundok ng karumihan, makapangyarihan din ang tao upang labanan ang pilit na pagbabaon sa mga biktima sa limot.




# Hindi ako, ikaw:

## Wait, is this a f*cking play about us?

ni Zoe Geraldino

**Kwentong Magkababalay**

Hindi maikakaila na binibigyang-buhay ng mga manggagawa ang isang lungsod.

Kahit kakasilip pa lang ng araw, abala na ang mga tao sa kani-kanilang gawain. Maririnig ang isang trabahador sa konstruksyon na hinihila ang isang sako ng semento, habang ang martilyo ng isa pa ay tumitipa sa hindi pantay na ritmo habang sinisiguradong hindi niya mapapalo ang sarili niyang daliri. Sa kabilang banda, makikita rin ang pagtitiyak ng mga tagalinis sa kanilang mga walis sa maiikli ngunit tiyak na galaw; marahang kumikiskis ang mga ito sa semento habang naiipon ang mga tuyong dahon at kalat sa isang maayos na bunton sa gilid. Matatanaw rin ang pagdaan ng mga *delivery driver* na may hawak na telepono sa tabi ng tainga at kasamang kahon sa motorsiklo na bahagyang kumakalabog sa bawat lubak na kaniyang nadadaanan.

Bagamat hindi ko sila lahat nakikita, alam kong nagpapatuloy pa rin ang trabaho sa loob ng bawat gusaling aking nadaraanan sapagkat ako rin ay bahagi ng kaparehong kapaligiran.

Sa aking mundo, hindi mawawala ang kalansing ng mga tipaan, usapang dumadaloy gamit ang telepono, at mga pulong sa masisikip na silid na paulit-ulit lamang ang paksang tinatalakay.

Habang ako'y naglalakad papunta paboritong kapehan ng aking amo upang bilhan siya ng kaniyang mamahaling kape, napagtanto ko na lamang bigla kung paano binubuo ng mga kamay na patuloy na kumikulis sa bawat busina, at sigaw ng mga manggagawa ang kaluluwa ng aming lungsod.

**Sa isang kapehan**

Habang hinihintay kong tawagin ang aking pangalan sa kapehan para kunin ang pinabili sa akin ng aking amo, napansin ko ang isang magkasintahan sa isang mesa.

Ang isa ay mukhang balisa, habang ang nasa harapan niya naman ay tila walang pakialam. Bagaman halatang seryoso ang kanilang usapan, hindi nakaligtas sa aking pansin ang masakit na palitan ng kanilang mga hinaing sa isa't isa.

Palabas na sana ako ng kapehan pagkatapos kong makuha ang kape ng aking amo nang masilayan ko ang naiwang dalaga sa mesang puno ng sigawan kanina. Nang hindi iniisip ang paglamig ng kape para sa aking amo, hindi ko napigilan ang aking sarili na siya ay lapitan.

"Ayos ka lang ba?," maikling tanong ko.

Imbes na sagutin ako nang simple, hindi ko inakala ang kaniyang detalyeng pagku-kuwento sa buhay niyang maihahalintulad sa aking sariling karanasan.

"Hindi ko kailanman inakalang darating ang araw na katulad nito. Ang ibig kong sabihin ay sino ba ang pumapasok sa isang relasyon na iniisip agad ang katapusan nito? Noong naging kami, pakiramdam ko ay nasa tuktok ako ng mundo. Na para bang kaya kong harapin at malampasan ang kahit ano. Ngunit sa kabila ng bugso ng kasiyahan na aking naramdaman noon, ngayon ay napagtanto kong panandalian lamang pala iyon. Mas nakabubuti na rin na natapos na ang aming relasyon."

Ipinagpatuloy niya ang pagkukuwento kung bakit niya tinapos ang kanilang pagsasama. Aniya ay hindi niya na kinaya ang patuloy na manipulasyon, pamimilit, at agwat ng kapangyarihan sa pagitan nila.

"Ang relasyon namin ay hindi kailanman naging tungkol sa akin, ni tungkol sa amin. Ang mahalaga lamang ay ang kaginhawaan niya, ang pagsasamantala, at pagkatapos noon? Itinatapon na lang ako na parang isang piraso ng basura—ginamit at ngayo'y wala nang silbi," kaniyang pagpapatuloy.

Hanggang opisina, nasa ulo ko ang kuwento ng dalaga. Inisip ko ang pagkakatulad sa kaniyang karanasan sa aking kasalukuyang kalagayan. Ang kaibahan lamang, kuwento ng magkasintahan ang sa kaniya, samantalang ang sa akin naman ay tungkol sa amin ng aking trabaho. Gayunpaman, iisa lamang ang bigat ng lason na bumabalot sa aming pareho.

Marahil, ito lamang ang tanging hudyat na aking kailangan upang itigil din ang relasyong ito.

**Sa isang opisina**

Walang nag-abala sa aming dalawa na hawakan ang tubig sa aming harapan. Ang payapang atmospera ng aming opisina ay tila nakikipaglaban sa tensyon sa pagitan naming dalawa. Ang kahalagahan ng lugar na ito ay tila nawalan ng saysay sa harap ng aking pagkabalisa at nararamdamang pag-aalinlangan.

Dito kami unang nagkakilala. Dito rin kami unang nagkaroon ng pagkakataong makilala ang isa't isa. Ito ang silid kung saan ako madalas ipinapatawag, kung saan ko naririnig ang mga utos at pasyang dapat kong sundin, kung saan ako napapagalitan sa tuwing nagkakamali, at kung saan din ako paminsan-minsang pinupuri at ginagantimpalaan kapag napatunayan kong karapat-dapat ako sa aking tungkulin. Ngunit ngayon, ito na rin ang magiging lugar kung saan matatapos ang lahat.

"Kailangan po nating mag-usap," nag-aalangan kong sabi habang nakatitig sa sahig.

Hindi ko kailanman inakalang darating ang araw na tulad nito. Ang ibig kong sabihin ay sino ba ang pumapasok sa isang trabaho na iniisip agad ang katapusan nito? Noong ako ay unang natanggap, pakiramdam ko ay nasa tuktok ako ng mundo. Na para bang kaya kong harapin at malampasan ang kahit ano. Ngunit sa kabila ng bugso ng kasiyahan na aking naramdaman noon, ngayon ay napagtanto kong panandalian lamang pala iyon. Kailangan na itong matapos at kailangan na itong matapos ngayon.

"Bilisan mo na. Marami pa akong kailangang gawin ngayon."

At hindi ba't napapanahon nga iyon? Ang trabahong ito ay hindi kailanman naging tungkol sa akin, ni tungkol sa amin. Ang mahalaga lamang ay ang kaginhawaan niya, ang pagsasamantala, at pagkatapos noon? Itinatapon na lang ako na parang isang piraso ng basura—ginamit at ngayo'y wala nang silbi.

"Gusto ko na po sanang umalis sa trabahong ito," nag-aalinlangan kong sabi habang pilit kong tinutumbok ang kaniyang mga mata.

Dahan-dahan kong iniabot sa kaniya ang liham na ginawa ko para sa aking paglisan. Hindi niya ito tiningnan. Bagkus, nanatili lamang siyang nakatitig sa akin.

"At sino ka naman para magdesisyon ng ganiyan?", matalim niyang bitaw habang nakataas ang kanang kilay.

Bago pa man ako makasagot sa kaniyang tugon na walang bahid ng pagsasaalang-alang sa akin, muli na siyang nagsalita.

"Nandito ka dahil pinayagan kita. Akala mo kung sino ka para magsalita ng ganiyan sa aking harapan," huling hirit niya bago lumisan.

Wala akong naisagot matapos maramdaman ang kapangahasan sa likod ng kaniyang tono dahil ramdam ko ang yabang at pagmamaliit na nakabalot sa bawat salitang lumabas sa kaniyang bibig.

Nagagalit ang kalooban ko subalit, paano ako makaaalma kung ang mga katulad niyang elitista lamang ang may hawak sa hustisya?

**Kwentong Totoo**

Ang buhay ng mga tao ay gumagana sa napakaraming paraan. Walang hanggan ang mga anyo nito. May ilan na nakakaranas ng magagandang araw, habang ang iba naman ay hinaharap ang mas mabibigat na sandali. Higit pa sa sarili nating buhay, may kanya-kanya ring buhay ang iba na patuloy na umiikot kasabay ng atin. Hindi natin nababatid na sa mismong sandaling ito, may isang manggagawa, isang trabahador, isang empleyado na hinaharap ang mahirap at mabigat na tungkulin ng pagbitaw.

Maaaring isipin ng ilan na isa itong madaling gawain. Gayunpaman, may ilang maypagawa na gumagamit ng mga kontrata upang samantalahin ang kanilang mga manggagawa at makuha ang pinakamaraming pakinabang mula sa kanilang paggawa sa pinakamababang halagang maaari. Samantala, mayroon ding mga maypagawa na hindi man lamang nag-aabala na magbigay ng kontrata, kaya't napipilitang mamuhay ang kanilang mga empleyado na manirahan sa gitna ng walang-katiyakan na mundo. Sa ganitong uri ng kalagayan, isang manggagawa na naman ang pinagsamantalahan at ang simpleng pagbitaw ay nagmimistulang napakahirap na balakid bago muli makatapak sa isang mundong hindi inaabuso ang lakas-paggawa ng mga manggagawa.

# SA LIKOD NG MGA POSTER:
## ANG PASANIN NG KABABAIHAN SA LAKAS-PAGGAWA

ni Marionne Garcia

Tuwing sisibol ang ikawalo ng Marso, iisang hanay ng mga nakasanayang mukha pa rin ang naka-tapal sa mga materyales sa Facebook at mga tarpaulin na ipinapaskil ng mga lokal na pamahalaan: tig-iisang beauty queen, babaeng politiko, babaeng atleta, at mahalagang babae sa kasaysayan. Bagaman karapat-dapat ang kanilang pagpapahalaga, kadalasan ay tinatakpan ng kanilang pagkilala ang isang mas malawak na kuwentong nananatiling nakakubli. Ang kahera sa likod ng counter, ang manggagawang napipilitang makipagkompromiso kahit walang kontrata, ang intern na nilulunok ang mga puna upang mapanatili ang kapayapaan—ito ang mga babaeng hindi man mapunta sa mga poster, ngunit siyang nagpapatakbo at nagpapatibay sa mga opisina at komunidad mula sa pinakailalim.

Ngunit higit pa sa kakulangan ng pagpapahalaga, nararanasan nila araw-araw ang misohinya na humuhubog sa kanila upang paliitin ang kanilang mga sarili sa loob ng macho-pyudal na balangkas ng mga lugar ng trabaho at ng lipunan bilang kabuuan. Kung hindi man ito sa anyo ng malawakang estruktural na pang-aapi, ito'y tahimik na gumagapang, halos hindi napapansin, sa buhay ng mga babaeng manggagawa. Magpakita ka ng inisyatiba sa isang gawain, at sasabihan kang "babae ka lang." Magsalita ka mula sa iyong pagkabalisa, at pipiliti kang ipagwalang-bahala ito at tanggapin na ito ay "biro lang." Sumunod ka sa wastong kasuotan sa trabaho, at bigla kang pagbibintangang "humihingi ng atensyon."

Para sa isang bansang ipinagmamalaki ang pagiging progresibo, ang patuloy na kultura ng misogyny sa Pilipinas ay lalo pang humihigpit sa tanikala na gumagapos sa kababaihan—isang mapait na reyalidad na maaaninag sa resulta ng survey ng United Nations Development Programme (UNDP) noong 2023 na nagsasabing 99.5% ng mga Pilipino ay may pagkiling o bias laban sa kababaihan. Maiuugat ito sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas na hindi lamang nagdala ng Kristiyanismo at mahigit tatlong daan ng kolonyalismo, kundi pati ang pagpapalaganap ng patriyarkal na pamana na umalingangaw ng ilang mga siglo. Ang karakter ni Jose Rizal na si Maria Clara ang sumasagisag sa mga de-kahon na katangiang ipinataw sa kababaihan, tulad ng pagiging sunod-sunuran at mahinhin, at ang pag-dealisa sa mga "pamababeng" katangiang ito sa loob ng patriyarkal na kaayusang panlipunan. Bawat imperyalista at mananakop na dumating sa bansa ay nag-iwan ng bakas ng estruktural na seksismo—mula sa mga tinguriang "comfort women" noong pananakop ng mga Hapon hanggang sa pagpapatuloy ng Estados Unidos ng hindi pagkakapantay-pantay sa kasarian sa larangan ng trabaho at edukasyon.

Sa kasamaang palad, ang mga paraang pagsupil sa kababaihan na ito ay hindi lamang alaala ng nakaraan. Patuloy na umiiral ang mga seksistang pananaw sa mga lugar ng trabaho, na maaaring maunawaan sa konsepto ng "hindi paggawa ng eksena." Ang mga nakatataas, na kadalasang lalaki, ay komportableng magbitiw ng mga hindi angkop a pahayag sa mga babaeng empleyado, maging ito man ay tungkol sa kanilang kakayahan o kakulangan, o mga sekswal na pakikitungo na itinatago bilang biro. Inaasahan ang kababaihan na magtiis o tumawa na lamang sa halip na lumaban at manindihan, sapagkat itinuturing silang marupok at labis na emosyonal, na di walang lohikal na pag-iisip. Lalo pa itong pinalulubha ng mga pinapahalagang ugaling kultural tulad ng pakikisama at hiya, na bilang mga tinatawag na accommodative values, ay nag-uudyok na iwasan ang komprontasyon kapalit ng pagpapanatili ng pagkakasundo. Sa ganitong konteksto, ang kaligtasan ng kababaihan sa lugar ng trabaho ay nakasalalay sa pananahimik.

Lalong nagiging komplikado ang usapin kapag pinagsama ang mga seksistang stereotype at hirarkikal na balangkas sa lakas-paggawa. Ayon sa kolumnistang si Julia Abad, ang mga sistema sa lugar ng trabaho mismo ang humahadlang sa pagpuna ng hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian sa lakas-paggawa. Mula pa lamang sa simula ng proseso ng pagkamit ng trabaho, laganap na ang gender bias sa pagtanggap ng mga empleyado. Halimbawa nito ang kakulangan ng representasuon ng kababaihan sa larangan ng agham, teknolohiya, inhinyeriya, at matematika, dahil itinuturing silang hindi kasing husay sa mga pagdadalubhasang ito.

Ang mga katangiang tradisyunal na iniuugnay sa kalalakihan ay patuloy pa ring itinatali sa potensyal sa pamumuno, kaya't

onaasahan ang mga nasa matataas na posisyon na maging mapag-utos at kompetitibo. Ayon sa datos mula sa International Labor Organization, 41.43% lamang ng mga Pilipinang kababaihan ang may hawak na posisyon sa senior at middle management kumpara sa 58.7% ng kalalakihan. Pinagtitibay rin ito ng Congressional Policy and Budget Research Department of the House of Representatives, na nag-uulat ng mas mabagal na pag-usad ng kababaihan sa pagkuha ng mga trabahong may mas mataas na halaga. Dahil dito, madalas italaga ang kababaihan sa mga administratibo o mababang posisyon, na kadalasang nagiging tulay patungo sa hindi bayad na trabahong pangangalaga at domestiko.

Ang mga hindi makatarungang pagkukulang ng mga lugar ng trabaho ay hindi lamang umiiral sa estruktura kundi pati sa ugnayang panlipunan, kung saan nananatiling malaking hamon ang mga kaso ng panghaharas sa kababaihan. Ang tsismis at pagpapakalat ng haka-haka na may bahid ng kasarian ay nakatuon sa kababaihan, lalo na sa kanilang kakayahan, na madalas iniuugnay sa kanilang sekswalidad. Ang ganitong paraan ng pagpapahiya at pagdiskredito sa kababaihan ay lalo pang pinapalubha ng paglabag sa parehong propesyonal at pansariling hangganan. Mula sa online stalking hanggang sa mga sekswal na interaksyon, tila hindi matakasan ng kababaihan ang sekswalisasyon, kadalasan mula sa mga lalaking katrabaho o nakatataas na hayagang itinutumbas ang mga katawan ng kababaihan sa mga bagay.

Ang hindi pagkakapantay-pantay sa kapangyarihan na nakatatag sa mga sistema sa lugar ng trabaho ay nagpapatibay sa dominasyon ng kalalakihan. Maging ito man ay reklamo sa trabaho o panawagan para sa hustisya laban sa panghaharas, nasanay ang kababaihan na ipagkinit-balikat ito at ihanda ang sarili na marinig ang mga salitang "maarte ka lang." Matinag man o hindi ang mga nasa posisyon ng kapangyarihan, anuman ang mangyari, ang kapangyarihang kalakip ng kanilang mga titulo ay tila napakahirap bitawan.

Ang mga nabanggit na hadlang sa pag-unlad ng kababaihang manggagawa ay nagpapakita ng patuloy na pag-angkop ng kababaihan sa ilalaim ng hegemonikong pagkalalaki. Bagaman mahalaga ang pagbibigay-liwanag sa mga magkakaugnay na karanasan ng kababaihan, kinakailangan din ang mas malalim at mas masusing pag-unawa sa mga ito sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng interseksiyonal na pag-iisip.




# Impyerno ng Tag-Init: Mapang-aping Negosyo Bilang Salarin

Kasabay ng pagsalubong sa buwan ng Abril ang pagiging mala-impyernong init ng panahon. Isa lamang ang tanda nito para sa mga kabataan: Bakasyon na!

Isa ito sa mga inaantay ng mga mag-aaral sapagkat ito ang hudyat ng kanilang pamamahinga sa pag aaral o paglipat sa online learning modality dala ng mataas na heat index.

Gayunpaman, sa kabilang ibayo ng edad ng tao, may mga manggagawang araw-araw binabaybay ang hirap ng buhay. Dagdag sa kanilang pasanin ang init ng panahon, lalo pa at hindi nito mapahihinto ang kanilang pagkayod sa tirik ng araw. Kung may magtutulak man sa kanilang patigilin nito ang kanilang hanapbuhay, hindi sila papayag—matakasan man lang ang mas mainit na pagdurusa sa impyerno ng kahirapan.

**Impyernong Panahon**

Sa kabila ng mga posibleng epekto ng init sa kanilang kalusugan, hindi alintana sa mga manggagawa ang nakasusunog na tirik ng araw at nakapanghihinang singaw ng hangin.

Nakababahala ang kanilang pagtitiis dito dahil sa katunayan, hindi lamang simpleng pagtaas ng temperatura ang naidudulot nito sa kanilang katawan. Matinding pagkauhaw, pagod, paghapdi ng

GABRIEL LANADA

balat, at maging ang kawalan ng kakayahan sa pag galaw, ilan lamang iyan sa maririnig o mababalitaan na pinsalang pisikal ng matinding init.

Kahindik-hindik isipin na bukod sa katawan, maging ang isipan ay apektado rin ng tag-init. Sa katunayan, ayon sa isang pag-aaral mula sa Boston University noong 2021, mas kapansin-pansin ang epekto sa isipan sapagkat tunay na nakakabalisa ang init na siyang pumupukaw ng atensyon mula sa trabaho. Ilan sa mga halimbawa nito ay ang pagbaba ng kalidad ng trabaho, ang paggawa ng mga maling desisyon, at ang pagtaas sa bahagdan ng naaaksidente sa trabaho.

Marahil ay alam naman nila ang mga resulta na ito subalit napipilitan lamang silang harapin ang panganib para sa iisang rason: ang kumita. Kung iisipin, paano nga naman ba sila matatakot sa araw kung mas nakasusunog ng tiyan ang kagutuman at kahirapan?

**Impyernong Kahirapan**

Marami sa mga nasa laylayan ang nagtatrabaho na lamang upang tumugon sa kasalukuyan at hindi upang lumago at umunlad. Nakakalungkot isipin na karamihan sa mga manggagawang ito ay hindi kinikilala ng batas kung kaya't maswerte na lamang sila kung kanilang matustusan ang mga pangunahing pangangailangan. Sawikain man ang mga katagang "laban ng buhay" at "agaw-buhay", ito ang reyalidad ng buhay para sa mga impormal na manggagawa.

Maging sa mga empleyado ng mga kumpanya, hindi rin sapat ang init ng panahon para lumiban sa trabaho. Sa katunayan, para sa kanila, lalo na sa mga manggagawang hindi sapat ang sahod para sa pamilya, mas kakayanin pa nilang indahin ang init at mahabang oras sa trabaho kaysa sa 4-day work week o work-from-home setup na inihahain ng ilang mga hepe.

Sa kanilang pananaw, hindi ito solusyon, isa itong mungkahing hindi na nga nakakatulong, mapaminsala pa sa kanilang sweldo. Bukod sa sila na ang tumutugon sa pangangailangan sa kanilang trabaho ay hindi pa nila natatamasa ang nararapat na tulong at kompensasyon na dala ng bagong problema na ito. Nakakagulat sapagkat hindi pa ito ang malala, kung hindi "no work, no pay" ang usapan ay tila tinatakot pa sila na alisin sa kanilang trabaho kung sila'y mg aaklas at mag rereklamo sa problemang hindi naman sila ang bumuo.

Tag-init, mainit, nakangingitngit ng galit, hirap na nga sa panahon sasabay pa ang mabigat, hindi patas, at hindi makataong trabaho. Kung susuriin, hindi na lamang ito pasanin sa trabaho, isa na itong paraan ng pang mamaltrato.

Nagsilbing kulungan pa ang mahirap na buhay na hindi nila ninais upang sila'y maging sunudsunuran sa kapitalismo na walang pakundangan.

Ang kanilang pagsasantabi sa pansariling kaligtasan ay isang panawagan para sa mga kumpanya na alalahanin ang kanilang mga manggagawang unti unting namamatay, nagdurusa, at nakakaramdam ng pang aapi. Kadikit ng kanilang buhay ang rason kung bakit matagumpay at mahusay ang mga negosyo upang matanaw ang bagong liwayway ng bukas. Sa huli, nakasalalay ang paghusay at pagtamlay ng lakas ng paggawa sa natatamasang buhay ng mga manggagawa.

Hindi makina ang mga trabahador. Sila ay mga indibidwal na may karapatang dapat inaalala. Hindi nila ninalis isantabi ang kanilang kalusugan. Sila lamang ay naiiwan sa isang pagdedesisyong kulang ang pagpipilian.

Sa huli, dinadala tayo ng kanilang katatagan sa iisang tanong: Paano nga ba mabibigyan ng langit ang mga manggagawang nasa pagitan ng Impyernong Kalikasan at Impyernong Kahirapan?


# Mga Bagyong Hindi Pa Nasasangga:

## Ang Kwento ni Anna sa Bagyo ng Kalikasan at Kahirapan

GABRIEL LANADA

"Ako ang Inang Sierra Madre, poprotektahan ko kayo basta't poprotektahan ninyo rin ako," Ito ang katagang binitawan ni Sierra Madre sa sumikat niyang bidyo na nilikha gamit ang makabagong teknolohiya ng Artificial Intelligence (AI). Sa kasagsagan ng Bagyong Uwan noong 2025, lumitaw ang naturang likha na siyang umani ng maraming tawa at batikos. Para sa mga aktibong manonood sa Internet o netizens, hindi ikaiinis lalo ni Sierra Madre ang bidyo dahil sa nasayang na tubig ng AI sa paglikha nito.

Patunay ang pag-usbong ng ganitong mga katatawanan sa kabila ng unos sa katatagan at pagiging masayahin ng mga Pilipino. Gayunpaman, sa ilang mga tahanan at silid, may mga taong nakaharap sa kanilang mga kompyuter subalit hindi nakikitawa sa mga katuwaan o memes na ito. Isa sa kanila si Anna na siyang nahaharap sa tatlong sabay-sabay na bagyo: Bagyong Gapos, Bagyong Kapos, at Bagyong Paos.



GABRIEL LANADA

**Bagyong Gapos**

Bilang isang Business Processing Outsource (BPO) worker, pangunahing bumubuhay sa pamilya ni Anna ang kaniyang kita sa pagpupuyat at paghahanapbuhay sa gabi. Kasabay ng kaniyang hanapbuhay ang tungkulin niyang tingnan ang kaniyang selpon para sa mensahe ng kaniyang kumpanya para sa anumang pagbabago sa kaniyang oras at gawain sa trabaho.

Sa gitna man ng paghagupit ng bagyong Uwan sa kanilang mumunting bahay sapagkat na matatagpuan sa kadalasang bahain na parte ng kanilang bayan, nanatili pa rin ang kaniyang pagtingin sa kaniyang selpon, umaasang sila ay pagkakalooban ng konsiderasyon at pag-unawa.

Sa unang gabi ng pamiminsala ng bagyong Uwan, hirap na hirap ang pamilya ni Anna sa pag-aakyat ng mga gamit na inaabot na ng pumapasok na baha, pagsalo ng tubig na tumutulo mula sa kanilang butas-butas na bubong, at sa pagkukumpuni ng tagpi-tagpi nilang bahay na winawasak ng nasabing bagyo. Hindi naging sapat ang salitang mahirap upang ilarawan ito, lalo pa nang tamaan ng kidlat ang kawad ng kuryente nagbibigay sa kanila ng ilaw sa gitna ng dilim buong gabi. Nagtagal ang eksena na ito hanggang umaga.

Dahil sa pangyayaring ito, inaasahan ni Anna na magkakaroon ng awa ang kumpanya nito sa kanya at sa kapwa niyang mga trabahador na napinsala rin ng bagyo. Pinadalhan niya ng mensahe ang kaniyang amo at iniulat ang kaniyang naging karanasan upang ipaliwanag ang kaniyang naging pagliban sa trabaho noong gabing iyon. Laking gulat nalang ni Anna nang nakatanggap siya ng isang mensaheng nagsasaad na "No Work, No Pay" pa rin ang kondisyon sa gitna ng paghagupit ng bagyo.

Sa pagitan ng unos ng kalikasan at hagupit ng kahirapan, pinagnilayan ni Anna kung siya ba ay papasok o hindi.

**Bagyong Kapos**

Tinignan niya ang kanilang taguan ng pagkain: may isang sardinas, isang pabulok ng repolyo, at nag-iisang takal na bigas. Tinignan niya rin ang kaniyang pitaka kung saan nag-iisang lukot, punit, at maduming singkwenta na lamang ang natitira rito. Kasisimula pa lamang ng bagyo ngunit paubos na ang kanilang inimbak na panggastos at pangkain kung kaya't nababagabag ang damdamin ni Anna.

Kasabay ng pagkabagabag niya ang pag-alala niya rin sa araw-araw na gamot ng kaniyang ina, buwanang bayad ng kanilang renta, kuryente, at tubig, at ang kakailanganing pantustos sa pagpapaayos ng kanilang tahanan na magkakasabay-sabay pagkatapos ng bagyo. Kung sakali mang pagpapaliban niya ulit ang pagpasok sa trabaho, magkukulang na ang kaniyang kakarampot na sahod para sa mga ito.

Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman niya sa dami ng kaniyang intindihin. Hindi niya mapili kung uunahin ba niyang damhin ang naging pagod niya kagabi, ang lungkot para sa danas ng kaniyang pamilya sa bagyo, o ang galit sa kawalan ng pagpapakatao ng kanyang kumpanya.

Sa huli, isa lamang ang napagtanto ni Anna: kinakailangan niyang isantabi muna ang kaniyang kapakanan at pumasok para sa pantustos ng kanilang araw-araw na pangangailangan.

**Bagyong Paos**

Kahit na madulas ang daan, rumaragasa ang baha, at humahampas ang hangin, pinilit pa rin ni Anna na sumakay sa dyip. Ang kanyang buhay at ang kakarampot na pera ay isinugal niya para lamang sumunod sa patakaran ng kaniyang kumpanya. Ramdam na ramdam ni Anna ang kawalan ng kapangyarihan upang umalma sa sitwasyong nararanasan niya.

Huminto ang sinasakyan niyang dyip sa ikatlong kanto at sumakay ang kaibigan niyang si Jenny. Humahagulgol ito at hindi mapakali. Sabi niya ay aalisin raw siya sa kaniyang trabaho na isa ring BPO na kumpanya kung hindi siya papasok sa araw na iyon. Dahil dito, napilitan si Jenny na iwan ang kaniyang tatlong paslit sa matanda at mahina na niyang ina.

Gaya ng mga estudyanteng nag-aantay ng kautusan mula sa Department of Education (DepEd), nag-antay rin sila Anna at Jenny ng kautusan mula sa Department of Labor and Employment (DOLE) upang maibsan ang pangangailangan nilang tumugon sa mga problemang hatid ng bagyong Uwan. Hindi masaya't patas ang mundo kaya, umasa nalang dalawa sa wala at tumungo sa trabaho.

Sinubukan nilang mag-ulat ng kanilang karanasan sa BPO Industry Employees Network (BIEN), isang grupong nabuo upang magbigay boses sa sektor ng mga manggagawang nakapailalim sa BPO na mga kumpanya.

Isiniwalat sa publiko ng BIEN ang hinaing ng mga manggagawa nitong naghirap sa gitna ng bagyo. Pagkadismaya na lamang ang naramdaman ni Anna nang sabihin ng DOLE noong (2025) na ikukumpirma pa nila ang katotohanan sa mga hinaing na ito mula Luzon hanggang Mindanao sa kabila ng mga manggagawang makapagpapatunay na iginapang nila ang kanilang buhay, pamilya, at pangangailangan sa pagdaan ng bagyong iyon.

Darating ang araw kung kailan hindi na magiging sapat ang katatagan ng mga manggagawang gaya ni Anna upang labanan ang mga walang tigil na bagyong ito. Sa kasalukuyan, walang Sierra Madreng nagproprotekta sa mga manggagawa. Sila ay humaharap lamang nang walang pag-aalinlangan para sa kapakanan ng kanilang mga itinataguyod na pamilya.

Wala pang Sierra Madre subalit, kung sila ay ating sasamahan sa unos ng pakikibaka, maaari tayong makabuo ng mga samahan, at ng mga batas na magiging matatag para harangan ang anumang pang-aabuso ng kapangyarihan na pumipinsala sa mga karapatang manggagawa.

MIRASOL

## Lunggati sa Mapanganib na Paghahanap ng Buhay

Sa pagbisita ko sa lumang bahay ng aking lola, nakasalubong ko ang pinsan kong kauuwi lamang mula sa trabaho. Bakas ang pagod sa kaniyang mukha at kapansin-pansin ang mga sugat sa kaniyang braso.

"Kuya, bakit ka po puro sugat?" tanong ko.

"Matatapang kasi 'yung kemikal na hinahalo namin sa trabaho."

Si Kuya Carlo ay isang manggagawa sa pabrika. Ang sahod niya ay hindi hihigit sa sampung libo, bagaman sinasakop na ng kanyang trabaho ang tatlong-kapat ng kanyang buong araw.

Maraming katulad si Kuya Carlo sa iba't ibang larangan ng paggawa—nananahimik at nagtitiis sa mga mabibigat na trabahong hindi binabayaran nang makatarungan at sapat. Sa gitna ng kanilang matinding pangangailangan ng trabaho at kamahalan ng mga bilihin sa panahon ngayon, saan nga ba sila makahuhugot ng lakas upang ipaglaban ang kanilang karapatan?

Para sa mga Kuya Carlo ng iba't ibang kompanya, may iisang kahilingan kasama ng kanilang daing sa mababang pasahod—ang pagkakaroon ng maayos na hazard pay.

Karagdagang bayad ang hazard pay para sa mga manggagawang nalalantad sa mga mapanganib na kondisyon ng kanilang trabaho. Layunin nitong kilalanin at tumbasan ang anumang sakripisyo sa kalusugan at kaligtasan na kinahaharap ng mga empleyado sa kanilang tungkulin. Karaniwan itong ibinibigay sa mga manggagawang nasa sektor ng kalusugan na nahaharap sa mga maysakit, mga empleyado sa pabrika na humahawak ng mapanganib na kemikal, mga nasa konstruksyon na nagtatrabaho sa ilalim ng mga scaffolding, at iba pang trabahong may mataas na antas ng panganib.

Gayunpaman, sa Pilipinas, hindi lahat ng manggagawang nalalantad sa panganib ay nakatatanggap ng sapat na hazard pay. Bagaman may mga batas na naghahain ng hazard pay para sa mga public health at social workers, wala pa ring malinaw na patakarang nagsusulong nito para sa mga manggagawa sa mga pribadong kompanya. Sa maraming pribadong kompanya, nananatiling mababa ang sahod at kulang ang benepisyo ng mga manggagawa kahit lantad sila sa mga kemikal, mabibigat na makina, o iba pang mapanganib na kondisyon sa lugar ng trabaho.

Sa katunayan, sinabi ng International Labour Organization na 17 sa 18 manggagawa ng Pilipinas ang hindi nakatatamo ng katanggap-tanggap na kondisyon sa trabaho. Bunga nito ang patuloy na pagsasakripisyo ng kanilang kalusugan at kaligtasan kapalit ng sahod na hindi sapat upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Kaugnay nito, mahalagang magkaroon ng mas mahigpit na pagpapatupad ng mga patakaran na nagpoprotekta sa kapakanan ng mga manggagawa. Kinakailangan ang mas malinaw na mga regulasyon tungkol sa hazard pay at ang pagbibigay ng sapat na proteksiyon, benepisyo, at kompensasyon sa mga empleyadong nalalantad sa panganib. Higit sa lahat, mahalaga rin ang kolektibong pagkilos at pakikiisa ng mga manggagawa upang maipaglaban ang kanilang karapatan sa ligtas na lugar ng trabaho at makatarungang sahod.

Sa ganitong paraan lamang tunay na mabibigyang-halaga at pagkilala ang lunggati ni Kuya Carlo, at ng mga katulad niyang naghahanapbuhay sa mga trabahong mahirap tahakin nang buhay.



## Bahagi ng kabuuan:
### Paglalakbay tungo sa Kalusugan at Kaligtasan sa Paggawa

CAMILLE JOYCE O. CRUZADA, MD

Ang pagpili ng "specialization" ay isang bagay na hindi matatakasan ng mga doktor. Madalas, buo na ang desisyong ito bago pa sila magsimulang mag-aral ng Medisina. Kung hindi man, nabibigyang linaw ito bago sila magsipag-tapos. Subalit hindi palaging ganito ang sitwasyon. Sa ilan, tulad ko, hindi natapos ang hamon ng paghanap ng landas sa pagiging lisensyado.

Dahil pagod na pagod na ako sa pag-aaral ng medisina, umaasa akong magkaroon ng balanse sa pagitan ng medisina at pahinga pagkatapos kong makuha ang aking lisensya. Ang trabaho sa ospital ay pamilyar na sa akin, ngunit napakahirap para sa akin na gawin araw-araw noong panahong iyon. Mabuti na lang at ang pagkakaroon ng posisyon bilang isang doktor sa pagawaan o corporate physician ay nagbigay sa akin ng pahinga. Bagaman may dala itong panibagong mga pagsubok — pag-aaral ng batas sa paggawa, sahod, at benepisyo, pagtitiyak ng kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa, at pagtukoy ng mga sakit at aksidente na sanhi ng trabaho — hinarap ko ito nang buong buo. Nagsikap akong kunin ang mga kailangan kurso, intindihin ang mga mahahalagang polisiya at

magpaturo sa maaalam na sa larangang ito. Bagama't lubos na teknikal, itinuring ko ang larangang ito bilang halimbawa ng etikal na paghahatid ng serbisyong pangkalusugan na nakasentro sa pasyente – kung saan ang kabutihang-loob (beneficence) ay itinataguyod sa paglikha ng mga programang angkop sa pinakamabuting interes ng mga manggagawa; kung saan ang kasamaan (maleficence) ay kinikilala sa pagtukoy ng panganib at pagtatasa ng panganib upang mabawasan ang pinsala; at kung saan ang hustisya ay pinahahalagahan sa pagsasama ng mga panlipunang aspeto ng kalusugan sa paggiit ng mga karapatan ng mga manggagawa sa ligtas na mga kondisyon sa pagtatrabaho – na mas madaling matamasa ng mga may kailangan nito. May potensyal itong mag-udyok ng pagbabago sa umiiral na mababang pagpapahalaga sa kalusugan, sa pamamagitan ng interpretasyon ng mga naitalang datos sa kalusugan, pagsusuri ng mga problema sa kalusugan at kaligtasan, at pagbuo ng mga solusyon sa mga ito, na siyang nagbigay inspirasyon sa akin na ipagpatuloy pa ito. Dahil dito, lubos kong naniniwala na ang maliit na hakbang ay maaaring magdulot ng malaking pagbabago. Higit sa lahat, hinikayat ako nito na maging bahagi ng isang sistema na mag-aalaga rin sa akin habang ako ay kumikita.

Puno ng pag-asa, nabasa ko ang tungkol sa mabubuting gawi sa OSH sa ibang bansa at pinlano kung paano ko ito mailalapat dito. Gayunpaman, ako ay napabulaanan. Hindi lamang itinuring na dagdag gastos sa kumpanya ang mga iminungkahing programa, ang mga pagsusuri sa kaligtasan ay pabigat din sa mga manggagawa mismo at itinuring na parusa o paraan upang bawasan ang kanilang sahod. Mababa ang partisipasyon ng mga manggagawa at suporta sa administrasyon para sa mga nakaplanong programa dahil inuuna ang pagtatapos ng kanilang mga gawain.

Ang pagtatala ng datos sa kalusugan ay pinanatili lamang ng mga may oras para gawin ito. Pakiramdam ng mga safety officers na hangad naming palitan sila sa kanilang mga trabaho. Ang pag-uulat ng mga pinsala na may kaugnayan sa trabaho ay hindi sinasang-ayunan dahil naaantala nito ang pagkumpleto ng proyekto. Ang kulturang sinusubukan kong baguhin ay masyadong malalim na nakaugat sa bawat indibidwal kaya ang pag-una sa kalusugan ay isang banta sa kanilang kasalukuyang mga prayoridad. Ang bare minimum sa mga itinalagang programa sa kalusugan ay sapat na, lalo na sa mga tauhan ng OSH na walang seguridad sa trabaho na nagpapatupad nito. Nakakadismaya ang pagsisikap na ipagtanggol ito nang walang mga kagamitan upang gawin ito o ang suporta upang matugunan ang matagal nang hindi pagkakapantay-pantay na nag-aambag sa sitwasyong ito. Kaya naman, ang aking sigasig ay humina sa paglipas ng panahon at nagkaroon ako ng pagtinging hindi ito para sa akin. Umalis ako at nagpursigi sa iba pang mga larangan, na sa kasamaang palad ay nabigo at hindi nagdala ng parehong hangarin para sa paglago.

Nang tumama ang pandemya, nalantad ang kahinaan ng sistemang pangkalusugan, at ang mga manggagawa ang nagtamo ng pinakamatinding pinsala. Hindi ko alam kung dahil sa tadhana, nabigyan ako ng isa pang pagkakataon upang tugunan ang parehong problemang ito at muling isabuhay ang OSH. Mabuti na lang, sa pagkakataong ito, sa pamamagitan ng Institute of Occupational Health and Safety Development, ang aking mga pagsisikap ay nasuklian at tunay na nakatuon sa kapakanan ng mga manggagawa. Sa tulong ng iba pang mga tagapagtaguyod, nagawa naming tugunan ang mahahalagang isyu tungkol sa pag-aatubili sa bakuna, mga bayad na leave dahil sa pandemya, mga sakit na maaaring bayaran ng kumpanya, mahabang oras ng trabaho, at mga natural na sakuna habang nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugang pangkaisipan, sinisiyasat ang kalusugan ng mga babaeng manggagawa sa mga manufacturing zone, at patuloy na itinataguyod ang OSH hindi lamang sa mga manggagawa, kundi pati na rin sa mga kabataan. Lalo pang lumalim ang aking pagkaunawa sa adbokasiyang ito, sa bawat konsultasyon ng mga manggagawa ay nagtatanim ng mga binhi ng pananabik para sa isang kinabukasan kung saan ang kalusugan ay kinikilala bilang isang karapatan, at walang isang manggagawang namamatay araw-araw dahil sa isang aksidente.

Katulad ng ibang larangan ng medisina, ang OSH ay hindi para sa lahat. Gayunpaman, kung naniniwala kang walang buhay ang dapat mawala dahil sa isang nakamamatay na aksidente o kapansanan na dulot ng isang maiiwasang salik sa lugar ng trabaho, o kung nais mong mapanatili ang isang magandang kalidad ng buhay sa trabaho (kahit bago pa man magretiro), ito ang isang bagay na dapat mong isaalang-alang. Ito ay nakakapanghina, at nararapat lamang, dahil sa pananagutang dala nito. Ngunit, hindi ka kailanman mag-iisa sa iyong pakikibaka. Maaaring natagalan ito, ngunit alam ko na ngayon na lagi kong nais na mag-ambag sa isang sistemang nagpapahalaga sa kapakanan ng mga manggagawa tulad ng pagpapahalaga nito sa kanilang produktibidad, hindi sa kapinsalaan ng iba. Hindi lamang ako binigyan ng OSH ng pagkakataong gawin ito kundi pinayagan din ako nitong itaguyod ang parehong mga pamantayan para sa aking sarili. Nakagawa na tayo ng ilang pag-unlad, ngunit marami pa tayong dapat tahakin. Sumunod tayo hanggang sa mapagtanto ng lahat na dapat tayong magsikap na magtrabaho upang mabuhay, at hindi mabuhay upang magtrabaho.



# HOROSCOPE

*ayon kay Ka Gabong*

**Capricorn *(Dec. 22- Jan. 19)***
- Masipag at matatag? Ano pa ba? Edi Capricorn! Pero sana naman, itigil nila yung pagiging masipag kung inaabuso na ang karapatan sa trabaho.

**Aquarius *(Jan. 20 - Feb. 18)***
- Nakaugat sa kalupaan, ngunit tumutulong sa karamihan, Aquarius! Mahilig silang tumulong sa nakararami pero wag nilang limutin ang kanilang sarili.

**Pisces *(Feb. 19- Mar. 20)***
- Magaling umintindi sa emosyonal pero kulelat sa materyal? Pisces! Sa trabaho, tandaan ang hindi lamang emosyonal na karapatan kundi mga materyal na karapatan din!

**Aries *(Mar. 21 - Apr. 19)***
- Bida-bida man sa inyong paningin, lider pa rin kung isipin, Aries! Kalmahan lang sana nila kasi baka mamaya hindi pa pala ligtas at makatao ang pinagagawa sa kanila.

**Taurus *(Apr.20 - May 20)***
- Karanyaan at praktikal? Taurus na yan! Isipin din sana nila ito tungkol sa trabaho tapos ipagkalat na ang ugaling ito.

**Gemini *(May 21 - Jun. 20)***
- Matalas ang isipan at magaling sa usapan? Siyempre, Gemini! May pagka malabo lang sa gawain pero tandaang ang karapatan, lalo na sa trabaho ay laging dapat linawin.

**Cancer *(Jun. 21 - Jul. 22)***
- May nakakaakit na pagka malasakit? Cancer na yan (hindi yung sakit ha)! Manifest nila na ganto mga amo nila o di kaya'y ireklamo na nila kung hindi.

**Leo *(Jul. 23 - Aug. 22)***
- Bida-bida rin sa inyong paningin? Anong magagawa natin kung may dating? Leo na yan eh. Paunlarin niyo yan para ipaglaban kung ano ang nararapat at kung ano ang para sainyo'y sapat.

**Virgo *(Aug. 23 - Sep. 22)***
- Mga problema'y wag mo na isipin sapagkat kayang kaya nila ayusin, Virgo! Gamitin sana nila yan sa trabaho pero hindi kapag ito'y delikado.

**Libra *(Sep. 23 - Oct 22)***
- May kumpiyansa at magaling makipag kapwa? Libra na yan! May balanseng taglay dapat pati rin sa trabaho at karapatang tinatamasa.

**Scorpio *(Oct. 23 - Nov. 21)***
- May pagmamahal at nag aalab na determinasyon sa kanyang ginagawa? Scorpio! Mahalin ang trabaho pero isaalang ala ang kalagayan ng sarili at pamilya niyo.

**Sagittarius *(Nov. 22 - Dec. 21)***
- May nakakahawa na dating at tawa? Sagittarius na 'to! Masaya ang buhay pero sa trabaho, maging seryoso ka lalo na sa karapatan na ipinaglalaban mo.

# Know YOUR Rights!

## WORDS TO SEARCH

CONTRACTUALIZATION
MINIMUM WAGE
OVERTIME PAY
BENEFITS
EQUALITY
STRIKE
SAFETY
UNION
LEAVE
WAGE

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| U | V | D | G | N | G | L | V | T | D | R | N | H | M | S | T | I | F | E | N | E | B | O |
| H | O | P | D | E | K | F | M | O | Z | V | E | P | M | W | Q | D | V | N | D | L | E | O |
| J | I | F | Y | K | A | D | M | I | N | I | M | U | M | W | A | G | E | U | V | W | I | N |
| Q | P | C | C | I | C | K | T | U | C | I | Z | R | V | Z | Y | V | C | X | A | Z | K | K |
| A | O | G | O | R | O | F | H | Z | Y | T | E | F | A | S | M | L | E | A | V | E | U | F |
| Q | G | A | D | T | P | B | A | W | N | C | X | W | P | F | W | R | W | B | J | V | K | F |
| E | P | I | J | S | I | G | E | U | K | L | Z | U | G | Q | T | D | T | Y | Y | S | R | H |
| H | H | P | O | X | Z | S | H | R | A | G | T | B | X | Q | D | M | H | I | T | I | J | W |
| M | J | Y | K | S | O | S | A | T | P | J | Z | U | N | I | O | N | X | K | I | P | C | B |
| W | I | I | C | E | G | H | X | U | Q | G | U | W | A | G | E | J | S | H | L | I | F | Y |
| C | O | N | T | R | A | C | T | U | A | L | I | Z | A | T | I | O | N | N | A | G | M | X |
| U | K | D | I | N | C | G | V | B | P | K | J | O | H | M | E | F | X | V | U | V | P | K |
| Z | R | U | E | G | P | R | S | O | V | E | R | T | I | M | E | P | A | Y | Q | C | C | S |
| Y | J | S | D | Q | K | R | G | G | J | V | K | P | R | M | C | O | X | M | E | D | N | N |
| A | Y | V | Q | G | R | W | C | G | E | I | V | N | G | J | O | N | W | R | J | D | X | G |
| P | J | S | Q | R | F | B | O | V | N | E | O | O | X | T | Q | Y | H | X | O | L | H | V |




# MGA KONTRIBYUTOR

**CATHERYN BALAGTAS**
*Punong Patnugot*

**KIRSTEN LOYOLA**
**CATHERYN BALAGTAS**
*Mga Taga-anyo*

**CATHERYN BALAGTAS**
*Dibuhista*

**MARIONNE GARCIA**
*Maniniyot*

**SHEKINAH BUIZA**
**KIRSTEN LOYOLA**
**ZOE GERALDINO**
**GABRIEL LANADA**
**JAMAICA CRUZ**
**MARIONNE GARCIA**
**MARIAN MATANDAG**
**DR. LEONARD JAVIER**
**DR. CAMILLE JOYCE O. CRUZADA**
*Mga Manunulat*